# HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. VI No. 35 AUGUST 1-7, 2022 P 10.00 ISSN No.: 2672-3034




**Mayor Alex "AA" Advincula**
*Imus City, Cavite*

# PSA to release 3 formats of national ID


MANILA – The Philippine Statistics Authority (PSA) will release three types of physical national identification or PhilID cards – in print, downloadable, and mobile formats.

The PSA, in a statement Wednesday, said it is eyeing the delivery of 30 million physical cards and the establishment of 20 million digital national IDs this year.

It also plans to pilot test the printable version of the digital PhilIDs by October and will launch the mobile version by the end of the year.

The digital PhilID

(cont. P.3)




## Health Club for Hypertensive and Diabetic Patients of Trece Martires City






Ang Pamahalaang Lungsod ng Trece Martires kasama sina Vice Mayor Bobby Montehermoso, ang 11th Sangguniang Panlungsod katuwang ang City Health Office of Trece Martires City ay naglunsad ng Health Club for Hypertensive and Diabetic Patients of Trece Martires City na may temang Marapat na Gabay sa Buhay na Ligtas.

Sa araw ng launching ay nagsagawa ng BP monitoring, RBS taking, discussion tungkol sa hypertension, diabetes at healthy lifestyle, namigay rin tayo ng medicine booklet at mga libreng gamot. Bago matapos ang event, sabay-sabay ring naki-jive ang ating 100 participants sa isinagawang zumba session.

Ang hypertension at diabetes club ay binuo upang magkaroon ng special organization na tututok sa pangangailangan ng ating mga kababayan na hypertensive at diabetic patients, prayoridad po natin ang mga mas higit na nangangailangan o mula sa indigent population.

Sa mga interesadong sumali at para sa iba pang katanungan, makipag-ugnayan lamang sa inyong Barangay Health Center o City Health Office ng Trece Martires.



*Nakipagpulong si Mayor Alex Advincula sa mga opisyal ng New Imus Public Market Merchants Association, Inc. (NIPMMAI) kasama ang Economic Enterprise and Management Office (EEMO), Department Head Nestor Camantigue, at City Administrator Jeffrey Purisima, ilan po sa aming tinalakay ay ang mga paraan kung paano mapalilinis at mapagaganda ang ating Imus Public Market para sa mas maayos na pamimili ng ating mga kababayan.*

*Sinisiguro po na aayusin natin at hindi pababayaan ang mga problemang kinakaharap ng ating lungsod!*

## DASMARIÑAS LGU, MAGKAKAROON NG KUMPLETONG BAYAD CENTER , PAY & GO




Ibinahagi ni Mayor Jenny Barzaga sa social media ang naging pormal niyang paglagda sa Memorandum Agreement para sa Bayad Center at Pay & Go sa lokal na pamahalaan ng kanilang lungsod.

Aniya, "UNANG LGU sa Cavite Province na magkakaroon ng kumpleto, convenient at komportableng transactions na maaaring gawin sa ating lokal na pamahalaan sa sarili mong oras upang makaiwas sa pila at hassle

(cont. P.2)

ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09460039850 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

# LALAKI MULA SA NAIC, NANALO SA LOTTO MATAPOS ANG 21 TAONG PAGTAYA

Nagbunga rin matapos ang 21 taong pagtaya ng isang lalaki mula sa Naic, Cavite matapos na manalo sa Lotto 6/42 kamakailan.

Nakuha na ng isang 51-anyos na electrician ang kanyang napanalunang jackpot prize na nagkakahalaga ng P5,940,000 sa Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) Main Office sa Shaw Boulevard Mandaluyong City noong Hulyo 12.

Batay sa website post ng PCSO, ang naturang lalaki ay inabot ng 21 taong pagtaya bago nanalo ng jackpot, sa kombinasyon na 27-18-26-13-02-03 noong Hulyo 9.

"Matagal ko na pong alaga ang mga numero na tumama. Galing po ito sa birthday ng aking mga anak kaya gusto ko pong gamitin ito sa kanilang pag-aaral para magkaroon po sila ng magandang kinabukasan," pagbabahagi niya.

Hinikayat ng bagong milyonaryo ang publiko na subukan ang kanilang kapalaran sa paglalaro sa lotto.

"Tumaya lang po sila ng tumaya sa lotto para manalo po sila dahil totoo pong may nananalo po sa lotto kaya po ako nandito sa PCSO ngayon," saad niya.

Sinabi ng PCSO na ang pagsali sa mga laro sa lotto ay isang paraan para makapagbigay ng pag-asa sa mas maraming Pilipino.

"Your P20.00 bet is not a wager but a contribution for health programs especially for our needy kababayans. That's why I am encouraging every Filipino with legal age to continue patronizing all our games," pahayag ng ahensya.

# P37-M BUILDING NA HINDI NATAPOS AAKSYUNAN NI SILANG MAYOR ANARNA



Sa isang post sa social media, ibinahagi ni Silang Mayor Kevin Anarna ang pagkadismaya ukol sa tatlong palapag na paaralan sa kanilang bayan na iniwan na lamang umanong hindi tapos ng dating contractor.

Batay sa alkalde, nagkakahalaga umano ang naturang gusali ng P37-milyon at bayad na ng buo sa dating gumagawa nito.

"Tatlong palapag na paaralan na nagkakahalaga ng 37 Million pesos, iniwanan na ng dating contractor. Nakuha narin ng buo ang bayad, pati ang retention ay tinangay na," ani Anarna.

"Nakakalungkot na makita ang nakatiwangwang na proyekto ng pamahalaang bayan sa Brgy. Lucsuhin. Giniba ang dating mga classrooms para ipatayo ang 3 palapag na gusali. Pero pagkatapos ng election ay iniwanan na ng contractor ang pagawain. Ang mas nakakalungkot pa ay naitakbo na ang pera kahit nasa 20% palang ang natatapos," dagdag niya.

Bagaman siniguro ng mga guro sa nasabing paaralan na may ibang masisilungan ang mga estudyante sa papalapit na pasukan, nangako si Anarna na aaksyunan ang insidente at papapanagutin ang dating contractor.

"Sinisigurado po natin na makakasuhan ang mga taong nasa likod nito para hindi na tularan ng ibang kawani ng gobyerno. Isa lamang po ito sa maraming proyekto na nirereklamo ng taong bayan na hindi na tinapos pero naitangay na ang pera," saad niya.

**(GO CAVITE)**

## DASMARIÑAS LGU... (from p. 1)

ng pag-byahe."

Kasama ng alkalde ang ilang mga opisyal ng nasabing kompanya. Ito sa pangunguna nina Ms. Arlene Dela Torre - Group Accounts Department Head, Ms. Endrea Fabian - Group Accounts Manager (For Payment Machines and Aggregators) maging ang mga representative ng Pay & Go na sina Mr. Kenneth de Guzman - Sr. Alliance Manager at Ms. Angelica Sayoto ng Meralco.

"Isa itong programa ng lokal na pamahalaan upang mas lalong ilapit sa mga tao ang serbisyo publiko. UNA NA NAMAN ANG DASMA," ani Barzaga.

**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST


**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## AMA AT INA

1) Ang ama at ina ay di magkatulad,
Ang ina'y dinala ang sanggol sa ingat,
Mula ipaglihi hanggang sa manganak
Ay siyam na buwan yaong paghihirap.

2) Matapos iluwal akala mo'y sarap,
Ang ina'y matagal pa ring magpupuyat,
At sa bawat kilos, sa tawa, sa iyak,
Sa gabi at araw, ina ang lumingap.

3) Anak na lalake't babae'y pareho,
Sa ina ang anak, pareho ang trato,
Tungkulin ng ina'y magmahal nang husto,
Walang pasubali sa anak na gusto.

4) Sa ama ang bata'y may tratong kaiba,
Nagpapasubali ang gawi ng ama,
Kailangan sa bata'y mabuti ang ginda,
At kapag di ayos ay magagalit siya.

5) Anak na babae ay magiging ina,
Anak na lalake ay magiging ama,
Ang mga magulang yaong gabay nila,
Sa ina may luwag, sa ama may puna.

6) Kaya itong ama ay iniiwasan,
Lalake't babae'y ingat sa paggampan,
Samantalang ina ay nilalapitan,
Diyan magkaiba pag naging magulang.

# PSA to release...

(from p. 1)

will have similar validity functions as physical PhilID cards, which are now being distributed by the PSA's official courier partner, the Philippine Postal Corp. (PHLPost).

The PSA noted that the printable digital ID format would likewise contain security features, such as those in physical cards.

It also has a unique digital signature, embedded in a quick response (QR) code for safe authentication, which can be validated through the PhilSys check.

Registrants' demographic data can also be readable in printed format.

Deputy National Statistician of the PhilSys Registry Office, Fred Solleta, assured that the PhilID, regardless of its format, will be functional and accepted as valid proof of identification.

Acquiring all formats of PhilIDs will be free of charge.

"The PSA is continuously working on the printing and delivery of PhilID cards to close the gap between the number of registered individuals and cards delivered," Solleta said.

PSA Undersecretary Dennis Mapa, also the National Statistician and Civil Registrar General, said the low-income earners would be prioritized in the provision of PhilIDs.

"This will immediately allow better access to more financial and social protection services through the provision of a free valid proof of identity while waiting for their physical ID," Mapa added.

The PSA said the digital PhilID is part of the government's proactive strategy to push for financial inclusivity, through the implementation of the Philippine Identification System (PhilSys).

The government will also prioritize the beneficiaries of the social protection program in the provision of the printed PhilID format.

"Low-income individuals have always been our priority. The PSA will still continue to prioritize these individuals as we roll out the printable version of the digital ID," Mapa said.

The PSA said the digital printed PhilIDs, and the downloadable mobile ID application can be useful to owners while waiting for their physical PhilID cards to be delivered.

The PHLPost will try to send the PhilIDs house-to-house, with the "plaza-type" distribution to be implemented for owners who were not home during the first and second attempts of delivery.

To heed President Ferdinand Marcos Jr.'s directives during his first State of the Nation Address (SONA), the PSA said it would maximize efforts to issue 30 million national IDs by the end of 2022 and reach the target goal of 92 million by the middle of next year.

Marcos cited that the PhilID is crucial to pushing digital transformation in the country.

Former president Rodrigo Duterte signed the Philippine Identification System (PhilSys) Act or Republic Act 11055 in August 2018, allowing Filipinos to acquire a PhilID, which aims to boost seamless government and private services where they will only need to present one ID during transactions.

The PhilID shall be a valid proof of identity and a means of simplifying public and private transactions, enrollment in schools, and opening of bank accounts. (PNA)




ONWARD FORWARD GEN. TRIAS CITY

*CONG. ONY FERRER*


# SEEDLING BANK INITIATIVE, INILUNSAD SA BAYAN NG ALFONSO; MGA KABATAAN, TINURUAN NG TRADISYUNAL NA PAGKAKAPIHAN









Inilunsad ng Kiwanis Highlanders ang "Seedling Bank Initiative: Preserving The Coffee Heritage of Cavite" sa bayan ng Alfonso bilang patuloy na suportahan at makilala ang produktong kape mula sa munisipalidad.

Ang proyekto ay sinuportahan ng K-Kids Upli Elementary School, Nayong Kalikasan Farm at Municipal Agriculture Office (MAO), kung saan tinuruan ang mga kabataan ng tamang pagtatanim at pagbebenta ng mga ito.

"Ang kape ang isa sa kilalang produkto ng Alfonso,Cavite. Marami pa tayong kapihan sa ating Bayan. Sadyang maipagmamalaki natin ang kapeng Alfonso lalo na ang Kapeng Barako," ani Mayor Randy Salamat.

"[Ito ay ang] Pagpapatuloy sa nakagisnan nating tradisyon sa pagkakapihan. Ang kabataan ang mananatiling magpapaunlad ng ating kalikasan at ng ating magandang kinabukasan," dagdag niya. **(GO CAVITE)**


## Pagbati Mula kina:



**Mayor Jon-jon Ferrer**

*Gen. Trias, City Cavite*



**Arnel 'Ony' Cantimbuhan**

*Board Member, 3rd District Cavite*

## FAMOUS PERSONALITIES



*BY*

*NICO & NIELSEN BAUTISTA*

**JOAN OF ARC** - *Siya ay isang simpleng babae na nanguna upang labanan ang mga Inggles na sumakop sa bahagi ng Pransiya. Naging matagumpay siya sa mga unang labanan subali't sa bandang huli ay nadakip siya at sinunog nang buhay. Siya ay idineklarang Santa at naging bayani ng Pransiya.*

## LET THERE BE LIGHT!



By

Eng'r. VEr Campaña Bautista

*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**SUNGAY** - Ang Sungay,Tagaytay ay malamang na galing sa lugar kung saan ang kalabaw na pasusungayan ay ipinapastol.

# LIBRENG BAG, SCHOOL SUPPLIES, IPAMAMAHAGI NG SILANG LGU



Masayang ibinalita ni Silang Mayor Kevin Anarna sa social media na mamamahagi ang kanilang lokal na pamahalaan ng mga libreng bag at school supplies para sa mga mag-aaral mula sa pampublikong paaralan sa kanilang bayan na nasa kindergarten hanggang Grade 6.

"Sa susunod na pasukan ay makakatanggap na ng libreng Bags at School Supplies ang lahat ng magaaral mula sa kindergarten to Grade 6 na mga estudyante sa mga pampublikong paaralan. Lahat po ay mabibigyan. Bukod po dyan ay makakatanggap naman ng school supplies ang mga nag aaral sa mga daycare centers," aniya.

Ipinaliwanag ng alkalde na ang proyekto ay bunga ng mga natitipid na pondo ng kanilang LGU dahil sa mga bagong polisiya.

"Dahil po sa kampanya natin na no SOP at no corruption policy sa ating administrasyon ay malaki po ang ating natitipid sa mga presyo ng mga kontrata at supplies," saad ni Anarna.

"Unang una po nating sinasabi sa lahat ng suppliers at contractors na lumalapit sa munispyo na hindi tumatanggap si mayor at sino man sa munispyo. Wala pong SOP kaya pababain nalang po nila ang presyo para mas maraming serbisyo ang maibigay natin sa ating mga kababaya," dagdag niya.

"Ang mga matitipid natin dahil walang corruption ay mapupunta sa taong bayan."

Marami namang mga mag-aaral at magulang ang natuwa sa proyektong ito ng lokal na pamahalaan ng Silang. (**GO CAVITE**)

## CAVITE HIGHLIGHTS



By:
Yna Palparan Bautista

**Placido N. Campos - Siya ang Capitan Municipal ng Dasmariñas noong sumiklab ang himagsikan. Lumahok siya sa rebolusyon sa ilalim ng Magdalo Council. Sumama siya sa Nacionalista Party noong kumandidato si Quezon bilang Pangulo ng Commomwealth. Namatay siya noong 1937.**

# *DOH Calabarzon aims over 3M booster...*

(from p. 8)

the first 100 days of the new administration of President Ferdinand Marcos Jr.

"Importante po ito para sa ating bayan, para sa edukasyon, para sa ekonomiya, para sa bawat pamilya. 78% ng ating senior citizen ang boosted na at malaki pa po ang ating kinakailangang bakunahan para maabot ng 90% target, " Health Policy and Infrastructure Development Team (HPIDT) Undersecretary Lilibeth C. David said.

DOH Calabarzon Regional Director Ariel I. Valencia emphasized that "the vaccination here in the region will target the people inside the factories, markets and schools. This is where they are now, these three settings are our specific targets for this new campaign. This is very timely, now that face-to-face classes will be allowed and the majority of the factories are fully operational. Kapag nagawa natin ito, walang duda we will achieve our set targets."

The campaign also sees to impart the importance of unified strength and maintaining the country's "Wall of Immunity" by achieving the target of 90% primary series coverage among Priority Group A2: Senior Citizens and 50% eligible population receiving at least 1 booster in settings where the people are and where they want to be: places of work, transport terminals, community centers, commercial centers, places of worship, and learning.

The shared vision of "PINASLAKAS" Campaign is by October 8, 2022, majority of boosted population may enjoy and feel more protected against severe effects and mortality from COVID-19.

A total of 82 employees of EMI-Yazaki received their first and second booster during the launch of "SA BOOSTER, PINASLAKAS!" Campaign.

EMI YAZAKI is a Japanese own Company with an expertise in automotive wiring harness in the field of car line industry. The company has around 9,000 strong workforces.

As of July 22, 2022, DOH Calabarzon will vaccinate a total of 3,205, 875 COVID-19 booster shots, 723,453 of this are from the Cavite Province; 654,994 are from Rizal; 616,720 are from Batangas; 590,524 are from Laguna; 529,700 are from Quezon and 90,484 are from Lucena City. With the total number of targets due for booster, DOH Calabarzon aims to inoculate 53,431 per day.

DOH Calabarzon reported a total of 165 new cases of COVID-19, 68 from Rizal, 61 from Batangas, 17 from Laguna, 16 Cavite and 3 from Quezon, making a total of 508,772 cases recorded in the region as of July 25, 2022.

As of July 25, 2022, fully vaccinated individuals in the region reached 10, 473,312 (78%), and 11,023,290 (82%) received their initial dose, while 2, 693, 629 got their first booster shot and 203,089 (26%) got their second dose (8%). — (**DOH CALABARZON**)

## HUMANITY TRIVIA



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA
(TWIN BROTHER OF VER)

**(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)**

Linoleum - 1860
Stapler - 1868
Broccoli - Europe
Cabbage - Europe
Bell pepper - sore throat

# DENR CALABARZON forges partnerships for the development of 10-hectare Bamboo Plantation in Upper Marikina River Basin Protected Landscape



Calamba City, Laguna - A quadripartite Memorandum of Agreement among the Department of Environment and Natural Resources CALABARZON Region, Tribal Council Association of Puray Inc. (TCAPI), Bamboo Professionals Inc. (BPI), and Rotary District Club 3780 for the adoption of the 10-hectare plantation in Marikina River Watershed was signed on July 11, 2022, at DENR Central Office, Visayas Avenue, Quezon City.

The 10-hectare plantation is located at Sitio Macapicapic, Brgy. Puray, San Rafael, Rodriguez, Rizal within the Upper Marikina River Basin Protected Landscape (UMRBPL). The said plantation is an NGP graduated site established in 2013.

Philippine Bamboo Industry Development Council (PBIDC) Executive Director Rene "Butch" Madarang presented their projects aligned with Rotary International's 7th area of focus which is protecting the environment. "We have 62 bamboo species available in the country where 21 are endemic and 41 are introduced," Madarang said.

"There is a need to address the root causes of the flooding, which is climate change and the denudation of the country's watersheds" Director Madarang added. He also explained that bamboo has proven climate change mitigation properties such as soil stabilization, and carbon capture that cleans the air according to the research or studies of international and local experts.

Director Madarang ended his presentation with "kung sama sama, tulong tulong ay kayang kaya. May kasabihanna 'if coconut is a tree of life, bamboo is a green grass of hope".

The DENR CALABARZON was represented by For. Herminigildo C. Jocson, the Regional National Greening Program (NGP) Coordinator and focal person of Tayo ang Kaikasan (TAK) Task Force during the signing of the agreement. "Isa samgaprioridad ng DENR ay palawigin pa ang National Greening Program na nakapaloob sa Tayo Ang Kalikasan (TAK)" Jocson said.

He expressed "salamat po sapagtutulungan para sa ating kapaligiran, tayo po ang kalikasan, ang kalikasan ay buhay dapat nating ipaglaban".

In the agreement, there are two (2) phases for the bamboo plantation project. The initial phase was the establishment of the nursery which includes the growing of bamboo planting materials for six (6) to eight (8) months. To be followed by the transplanting of grown bamboo planting materials within the allocated 10-hectare land. TCAPI will maintain and protect the said area for 5 (five) years.

Moreover, Rotary District 3780 handed the check amounting to Php 500,000.00 to TCPI President Angelito Cruz to fund the project. President Cruz expressed his gratitude for choosing their organization for the bamboo plantation project.###

Photos may be accessed via Quadripartite MOA Signing re adoption of 10 has Bamboo Plantation

# EDITORIAL

**Ang agrikultura ay nagbibigay sa atin ngayon ng salapi mula sa inilulu-was nating mga raw materials. May isa pang bagay tayo na dapat adhikain na ang mga raw materials na ito ay tayo na ang magdevelop upang magkaroon ng dagdag na halaga. Halimbawa ay ang prutas na puwede nating i-process para maging candy. Isa lamang iyan sa marami nating puwedeng gawin. Unti-unti ang ating pagsulong at isang araw ay magagawa rin natin ang mga panukalang sinundan ng mga bansang umunlad.**

# RESCUE OLYMPICS ISINAGAWA SA BAYAN NG GMA



Isinagawa nitong Lunes, Hulyo 25, ang isang Rescue Olympics ng mga kawani ng lokal na pamahalaan sa bayan ng General Mariano Alvarez.

Ang nasabing aktibidad na ginanap sa Brgy. Francisco de Castro Covered Court ay pinangunahan ng Municipal Disaster Risk Reduction and Management Council at nilahukan ng iba't ibang barangay.

Ayon kay Mayor Maricel Echevarria Torres, "Layunin nitong higit na palakasin ang emergency response skills at teamwork ng Barangay Response Teams."

---

**rEpuBLiC OF tHE pHiLippinEs**
**FOurtH JuDiCiaL rEgiOn**
**rEgiOnaL triaL COurt**
**OFFiCE OF tHE CLErK OF COurt**
**trECE martirEs CitY Ca VitE**

**HOmE DEVELOpmEnt mutuaL FunD,**
Mortgagee,
Foreclosure Case No. F-304-22

-versus-

**gamaLiEL DuranO pianO married to marissa B. pianO,**
Mortgagor/s,
x------------------------------------------------------------------x

**nOtiCE OF EXtra-JuDiCiaL saLE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act. 4118, filed by Mortgagee, **HOmE DEVELOpmEnt mutuaL FunD**, with business address at The Petron Mega Plaza Building, No.385 Sen. Gil. Puyat Avenue, Makati City against the Mortgagor/s, **gamaLiEL DuranO pianO married to marissa B. pianO**, with residence and postal address at: 1.) 452 Cabildo St., Intramuros, Manila and 2.) Blk 3C, Lot 50, Tierra Nevada, Phase 1, San Francisco, Gen. Trias, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness as of **23 may 2022** amounts to **tHrEE HunDrED tHirtY FOur tHOusanD EigHtY pEsOs and 61/100(334,080.61),** Philippine Currency, including interest, penalties, and other charges as of said date but exclusive of all the other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **11 aug 2022** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Bldg. located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder of CASH and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**transFEr CErtiFiCatE OF titLE no.t -1283242**

A parcel of land ( Lot 50 Blk.3-C of the subd. plan, Psd-04-111342 being a portion of Blk.3, Pcs-04-011037, L.R.C. Rec. No.) situated in the Brgy. of San Francisco, Mun. of Gen. Trias, Prov. of Cavite. Bounded on W., along line1-2 by Lot 49; on the N., along line 2-3 by Lot 52 both of Blk. 30C; on the E., along line E., along line 3-4 By Rd. Lot 3; an don the S., along line 4-1 by Lot 48 Blk.3-C, all of the subd. plan. Beginning at a pt. Marked "1" on plan **XXX COntaining an arEa OF FiFtY (50) sQuarE mEtErs, XXX**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above -stated time and date

In the event the public auction should not take place on the said time and date, it shall be held on **25 aug 2022** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City 01 JUL 2022

**riCarDO a. t OLEDO**
Sheriff IV

Copy furnished:
HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,
c/o JEFFREY A. RAMIENTAS, C.P.A
2546 A. Bonifacio St.
Bangkal, Makati City

**gamaLiEL DuranO pianO married to marissa B. pianO,**
452 Cabildo St., Intramuros, Manila
Blk 3C, Lot 50, Tierra Nevada, Phase 1, San Francisco, Gen. Trias, Cavite

WARNING: IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE DEFACE, OR DESTROY THIS NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE ON OR BEFORE THE DATE OF SALE

**HumanitY nEWs**
**JuLY 18,25 & august 1, 2022**

# Completed Road Widening Improves Mobility in Siargao





The Department of Public Works and Highways (DPWH) has completed the off-carriageway improvement along Jct. National Road – Antipolo – Tuboran – Quezon – Mabini Road in Siargao Island, Surigao del Norte.

DPWH Region 13 Director Pol M. Delos Santos said that the widening involved the concreting of the road shoulder and line canal which will help accommodate a larger volume of traffic and ensure the safety and vehicle maneuverability of motorists by clearing the right-of-way (ROW) farther.

"We experienced first-hand the difficulty of reaching our kababayans during relief operations because the roads were narrow and blocked with debris after the onslaught of Typhoon Odette," said Director Delos Santos.

"The recent completion of the road widening project will definitely ensure ease in mobility of people and goods especially during emergency," added Director Delos Santos.

The 1.16-kilometer road widening project was completed in June 2022 with a total allocation of ₱16-million pesos and was implemented by Surigao del Norte 1st District Engineering Office.

Siargao is one of the most visited tourist destinations in the country because of the variety of attractions on the island aside from surfing and fishing competitions.**(DPWH)**

## SPECIAL ELECTIONS PARA SA BAKANTENG PWESTO SA IKA-7 DISTRITO, IPINANAWAGAN SA KAMARA

Pinagtibay ng House of Representatives ang House Resolution 100, na nananawagan sa Commission on Elections na magdaos ng Special Elections para sa ika-7 Distrito ng Cavite.

Ang posisyon para sa kinatawan ng nasabing distrito ay naiwang bakante matapos italaga si dating Congressman Jesus Crispin "Boying" Remulla bilang Department of Justice Secretary sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr.

Nakasaad sa Section 9, Article 6 ng 1987 Constitution na kung sakaling may bakante sa Senado o sa Kapulungan ng mga Kinatawan, maaaring magkaroon ng isang espesyal na halalan upang punan ang pagkakabakante sa paraang itinakda ng batas, ngunit ang Senador o Kagawad ng Kapulungan ng mga Kinatawan na nahalal sa gayon ay magsisilbi lamang para sa hindi pa natatapos na termino.

Matatandaan na nauna nang itinalaga ng Kamara si Speaker Martin Romualdez bilang caretaker ng distrito ni Remulla.

**rEpuBLiC OF tHE pHiLippinEs**
**FOurtH JuDiCiaL rEgiOn**
**rEgiOnaL triaL COurt**
**Branch 132**
**naic, Cavite**
**rtc1nac132@judiciary.gov.ph**
**rtcbranch132@gmail.com**
**09691022337**

**nEst Or mEnDOZa ramOs**
Petitioner,

SP. PROC. CASE NO. **nC- 20221-13**
For: **Correction of Entries in Birth Certificate**

-versus-

**CiViL rEgistrar OF magaLLanEs CaVitE anD anY anD aLL pErsOns WHO HaVE CLaims Or intErEst WHiCH ma Y BE aFFECtED tHErEBY,**
Respondents,

======================================

**amEnDED**
**OrDEr**

Before this Court is a Petition for Correction Filed by the petitioner through his counsel, Atty. Marian O. Dupal-Ag, praying that after due notice, publication, and hearing, a Decision be issued directing the Local Civil Registrar of Magallanes, Cavite to cause the correction in the Certificate of Live Birth of the petitioner.

Finding the petition to be sufficient in form and substance, hearing is hereby set on **06 september 2022 at 2:00 o'clock in the afternoon.**

Any interested person who wishes to comment and/or oppose the petition may come to this Court on the date, time, and place herein above-indicated and show cause why the petition should not be granted.

At petitioner's expense, let a copy of this Order be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Province of Cavite.

Furnish a copy of this Order to parties, counsel, to the Office of the Solicitor General (OSG), to the Local Civil Registrar of Magallanes, Cavite, and the Office of the Civil Registrar General.

SO ORDERED.

**07 July 2022, naic, Cavite**

**(sgd.) raLpH s. arELLanO**
Presiding Judge

RSA/obd

**Humanity news**
**august 1,8, & 15, 2022**

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
**rEgiOnaL triaL COurt**
**OFFiCE OF tHE CLErK OF COurt**
**City of Bacoor**
Email: rtc1bcrocc@judiciary.gov.ph
Telephone No. 09273707489

**natiOnaL HOmEs mOrtgagE FinanCE COrp.**,
Mortgagee.

Foreclosure No. 2022-116
For:Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage

-versus-

**mar Y JanE B. OLartE**
Mortgagor.

x----------------------------------------------------------------x

**nOtiCE OF EXtra JuDiCiaL FOrECLOsurE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135 as amended by Act 4118, filed by the mortgagee-assignee, NATIONAL HOMES MORTGAGE FINANCE CORP., of 4th Floor Filomena Bldg., 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City, and against the mortgagor, MARY JANE B. OLARTE of Cherry Homes Subd., Lot 03 Blk. 22 Bo. Mambog, Bacoor, Cavite and 553 Fabella St., Mandaluyong Metro Manila, to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 30, 2022, amounts to **OnE miLLiOn tHirtY FOur tHOusanD sEVEn HunDrED ninEtY OnE pEsOs & 49/100 (p1,034,791.49)** Philippine Currency, inclusive of interest, penalty charges, the undersigned or her duly authorized representative will sell at public auction on **august 26, 2022 at 10:00 o'clock** in the morning or soon thereafter, at the main entrance of the Hall of Justice of Bacoor City, Cavite, to the highest bidder for CASH and In Philippine Currency the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**transFEr CErtiFiCatE OF titLE**
**nO. t -488339**

" A parcel of Land (Lot 3 Blk. 22 of the cons-subd. Pla. Pcs-042103-008650, being a portion of the cons. Of Lots 5421-B-7; 5421-B-8 & 5421-B-9; Psd-042103–059555 ), situated in the Bo. of Mambog, Mun. of Bacoor, Prov. of Cavite, Is. of Luzon. X x x, containing an area of THIRTY EIGHT (38) SQUARE METERS ."

"All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date."

"In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **september 5, 2022**, without further notice."

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property encumbrances thereon, if any there be.

City of Bacoor, July 18, 2022.

(Sgd.) MELY C. HERMOSURA-VISTA
OIC-Clerk of Court V

By:

(Sgd.) ROBERT JON A. DELA CRUZ
Sheriff IV

Copy Furnished:
**attY. nEst Or a. FOrmaran**
4th Floor Filomena Bldg. 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City

**ms. mar Y JanE B. OLartE**
Cherry Homes Subd., Lot 03 Blk. 22 Bo. Mambog, Bacoor, Cavite
553 Fabella St., Mandaluyong Metro Manila

WARNING: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this notice of Extra-judicial Sale on or before the date of sale.

**Humanity news**
**august 1,8, & 15, 2022**

# The Cheesiest Place on Earth is now at SM City Santa Rosa




Cheese to eat any time of the day! Everything But Cheese recently opened their 13th store at New expansion wing ,Ground Floor of SM City Santa Rosa. EBC is a cheese concept restaurant that serve a wide variety of cheesy delights.. Everything But Cheese originated as a food stall in the streets of Plaza Hugo, Sta Ana Manila. A real treat to all cheese lovers that the store quickly gain massive brand followers because of the unique best-tasting cheeses as the main ingredient of its products. Come and Visit Eveything but Cheese only here at SM City Santa Rosa. **(NINA WONG)**

# Evo All Star Mall Tour goes to SM SAN Pablo




EvoAll-stars headed to San Pablo City Laguna last Sunday July 3 2022 at SM City San Pablo and greeted their fans. Their group is known as Kwadro De ALAS with social media influencersTeamKatagumpay, Hammer man and MOTO RONDA. Their massive following only shows that people wanted to hear from those who are relatable, most of them are first time to visit San Pablo and they were touched by the warm welcome of San Pableños. As they say it nowadays the event is simply "Solid" and one for the books! Watch out for more exciting events coming your way only here at SM City San Pablo. #everyoneoswelcomehere #smcitysanpablo **(NINA WONG)**

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Langka bilang halamang gamot

Ang langka ay isang halamang tropiko na karaniwan sa mga bansa ng Timog Silangang Asya kung saan kabilang ang Pilipinas. Ito ay may mataas na puno na may bilogan at makinis na dahon. Kilala naman ang bunga nito na may berde at tusok-tusok na balat na may madilaw na laman na paborito ng marami. Ang mga buto ay maaari ding kainin kung ilalaga o tutustahin.



***Scientific name: Artocarpus heterophyllus Lam.; Artocarpus philippensis Lam.; Artocarpus maxima Blanco;***
***Common name: Langka, Nangka (Tagalog); Jack Fruit (Ingles)***

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Langka?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang langka ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang langka ay may taglay na morin at cyanomaclurin.

Ang halaman ay mayroong alkaloids, tannins, phenolic compounds, flavonoids, at saponins.

Mayroon namang saccharose, fructose, glucose, fixed oil, essential oil, other extracts, protein, cellulose.

May mataas din itong lebel ng Vitamin C, at provitamin A carotenoid

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

**Dahon**. Ang dahon ng langka ay maaaring gamitin sa panggagamot sa pamamagitan paggamit sa abo nito matapos sunugin. Maaari din itong ilaga at inumin.

**Ugat**. Karaniwan namang inilalaga ang ugat at pinaiinom ang pinaglagaan sa may sakit.

**Bunga**. Maaaring kainin ang matamis nitong bunga kung hinog o kaya'y gulayin kung hilaw.

**Dagta**. Ang malapot at maputing dagta ng halaman na makukuha sa mga sanga ay maaari ding gamitin sa panggagamot na kadalsang pinapahid sa apektadong bahagi ng katawan.

**Ano ang mga sakit at kondisyon na maaaring magamot ng Langka?**

1. **Pagtatae**. Pinaiinom ng pinaglagaan ng tinadtad na ugat ng langka ang taong dumadanas ng pagdudumi.
2. **Sugat**. Ang abo mula sa sinunog na dahon ng langka ay hinahalo sa langis ng niyog at ginagamit bilang ointment para sa mga sugat na naimpeksyon.
3. **Lagnat**. Pinaiinom din ng pinaglagaan ng ugat ng langka ang taong may mataas na lagnat.
4. **Kagat ng ahas**. Makatutulong naman ang dagta ng langka sa sugat na dulot ng kagat ng ahas.
5. **Pagnanana**. Ang mga sugat na may nana ay matutulungan din ng pagpapahid ng dagta ng langka. Minsan pa, inihahalo pa ang dagta sa suka upang mas maging epektibo.
6. **Hirap sa pagdumi**. Ang pagkain naman sa bunga ng langka ay mabisang gamot para sa hirap sa pagdumi.
7. **Hika**. Nagagamit din ang pinaglagaan ng ugat ng langka sa pagpapahupa ng mga sintomas na dulot ng hika.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.VI NO. 35

# GENTRI MAYOR JON-JON FERRER, ITINALAGA BILANG TREASURER NG LEAGUE OF CITIES

Kamakailan ay ibinahagi ng Pamahalaang Lungsod ng General Trias ang pagkakahalal ni Mayor Jon-jon Ferrer bilang National Treasurer ng League of Cities of the Philippines.

Siya ay mauupo sa tungkulin mula sa taong 2022 hanggang 2025. **(GOCAVITE)**






*Sa tuloy-tuloy na pag-arangkada ng Women's Livelihood Skills Training: "AArangkada ang Kabuhayan sa Kababaihan" sa Imus, dinala ito ng City of Imus Livelihood Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office (CICLEDO) sa Brgy. Espeleta II nitong Miyerkules, Hulyo 27.*

*Sa tulong ni Angelica Chongco, nadagdagan ang kaalaman ng 40 kababaihan sa paggawa ng dishwashing liquid at fabric conditioner.*

*Nakatakda namang isagawa ang susunod na Women's Livelihood Skills Training sa Biyernes, Hulyo 29, na gaganapin sa Cooperative and Livelihood Training Center (CLTC).* **(City Government of Imus)**







CERTIFICATE OF ACHIEVEMENT

City Treasurer's Office
Bacoor City, Cavite

TOP 1

(24.46%)
FY 2021

*Nakatanggap ang City Treasurer's Office ng Lungsod ng Bacoor ng Certificate of Achievement mula sa Department of Finance sa pagtala ng highest growth rate in locally sourced revenues among all cities in Calabarzon noong 2021.* **(City Government of Bacoor)**


# DOH Calabarzon aims over 3M booster shots during 'PinasLakas' campaign



The Department of Health (DOH) Center for Health Development Calabarzon (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal and Quezon) on Tuesday, July 26, kick-started the campaign entitled "SA BOOSTER, PINASLAKAS!" held at EMI – Yazaki, Aguinaldo Highway Anabu IIA, Imus, Cavite.

The campaign aims to administer over 3 million COVID-19 booster shots in the Calabarzon Region for

**(cont. P.4)**




See us at General Juan Castañeda street near the Imus Plaza




SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY

# DO YOU KNOW ?

*Dr. John Kellogg invented the first Cornflake.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY
Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**